

CHAPTER 1

“**J**ORSKOH! Ang guwapo lang talaga, o!”
Kinikilig na napatili si Kiera Mae Guinto nang pagtapak niya sa lobby ng *Teatrillo Plata* sa Makati ay sinalubong siya ng isang nakangiting Marcus Felizardo Andres, ang male protagonist sa panonoorin niyang play. Namimilog ang kanyang mga mata habang nakapatong sa magkabilang pisngi ang dalawang palad para makumpleto ang eksaherado niyang reaksyon.

Siyempre, wala roon in person ang binata. Isang floor-to-ceiling tarpaulin na display lang sa lobby ng tanghalan ang nilalandi ni Kaye dahil hindi naman siya makaka-react nang gayon kung totohanang kaharap niya si Marcus. Mahiya naman siya, di ba?

“Umiikot na naman ang matris mo,” puna ng forever best friend at dati niyang boss sa Marketing and Promotions Department na si Carla Beltran.

“May magagawa ba ako?” Bahagya niya lang itong nilingon dahil mangha pa siya sa nakikita. “Eh, guwapo si Kuya, bakit ba? Sobrang talented pa. Ganda ng boses, visual artist, magaling umarte... Dream guy!”

“And he could also be a major pain in the ass kaya puwede din siyang worst nightmare mo.” Ipinaalala ng kaibigan sa kanya kung paanong mahirap katrabaho ang lalaki lalo na sa larangan ng creatives dahil minsan ay wala na sa tama ang demands nito. Artistic quirks ba.

“Kebs,” kibit ni Kaye. “Kung kasing-guwapo lang din niyang klase ng pain in the ass, kahit magka-almoranas ako at araw-araw bangungutin, okay lang.”

“Eww,” nakangiwing ani Carla. “Alam mo, masabi ko lang, nakakaloka na ang dami mong opportunity dati na maging chummy kay Marcus, hindi mo pa sinamantala. Madali ka namang makipagkaibigan sa iba nating clients pati’yung mga suppliers at artists na katrabaho natin, ano’ng ikinaiba ni Marcus sa mga’yun?”

“Ang clients kinakaibigan,” paliwanag niya. “Si Marcus ay...” naghanap siya ng masasabi pero nauwing umid pa rin, “... si Marcus. Olats mag-da moves at hindi naman ako desperada sa lalaki.”

Minsan pa, umikot ang mga mata ng kausap. “Ikaw lang naman ang nag-iisip ng gan’on. As if hindi pa sanay’y an sa mga taga-rito na walang abug-abog kung magyaya para magkape. O gumimik sa pinakamalapit na bar kung saan mura ang beer.”

“Nagpapaka-professional ako, ’no!” depensa niya.

“Ano ka ba!” Namaywang ito. “Hindi naman kayo nagtatrabaho twenty-four hours a day.”

“Ayoko nga,” iling ni Kaye. “Magkatrabaho kami, period. Alangan namang pasakan ko ng love angle.”

“Love angle ka diyan. Hindi ba puwedeng close friendship lang? Sino ba ang may sabing kailangan mo siyang boyprenin kung puwede namang FUBU lang.”

F*ck buddy talaga? As if kaya ng sensibilities niya ang

makipag-sex nang walang nararamdaman kundi init at kati. At saka bakit ba may sex involved?

Yikes.

“Yain na.” Ngumuso siya. “Ina-appreciate ko lang naman na guwapo siya.”

“Talaga lang?” Umangat ang kilay ni Carla. “Ngawa ka lang nang ngawa diyan na type mo si Kuya, pero ano? Nganga! Ngayon, nag-resign ka, lumipat sa Dumaguete na pagkalayu-layo sa Maynila... Paano pa kayo magkakaroon ng future niyan?”

“Okay lang naman ako looking from afar.” Kumurap-kurap pa siya sa direksyon ng tarpaulin. “Wala nga akong ilusyon na may happy ever after kami.”

“Torpe,” ingos ng kausap.

“Yun na nga, at saka isipin mo naman,” huminga muna siya nang malalim, “I’m not the type he’d be seen going out with on a date. Or kahit pa pseudo-date lang.”

Marahas siya nitong hinarap. “Ano naman ang palagay mo sa sarili mo?”

“O, teka muna.” Napaatras si Kaye. “Wala naman akong sinabing masama. Bakit galit ka kaagad?”

“Eh, paano, ipipilit mo na naman na hindi ka talaga mapapansin kasi hindi ka maganda, hindi sexy, maliit ka kasi, mali ang fashion sense mo...”

“Wala nga akong sinabi,” giit niya.

“Pero alam natin pareho na doon na naman patungo ang pinag-uusapan natin tulad ng maraming beses nating pinagtalunan noon,” simpleng pagtataray nito.

In a way, may punto ang best friend niya.

Paniniwala ni Kaye, hindi siya sexy o maganda pero may pinanggagalingan naman ang insecurity niyang iyon.

Mula pa kabataan niya, she was never one who attracted

the opposite sex no matter how much she fixed herself up.

Sarili niyang ama mismo ang nagkumpirma niyon. Hindi raw sa hindi siya maganda. Masyado lang umano siyang matalino at maangas ang dating kaya nakaka-intimidate siya. Idagdag pa roon ang tendency ni Kaye na magtaray lalo na't nauubusan siya ng pasensya sa mga medyo slow na tao.

Nang mabuo naman ang barkada nila nina Carla, pakiwari niya ay lalo lang na-emphasize ang pagiging plain Jane niya dahil kung ihihilera silang magkakatabi, natatabunan siya nang bonggang-bongga sa height, sa kinis ng kutis, sa ganda ng bagsak ng buhok, sa hugis ng katawan. Wala rin siyang panama pagdating sa fashion dahil kontento na siya sa lumang jeans at maluwang na t-shirt at nakiki-power dress lang siya kapag may meeting sa kliyente. Ni wala rin siyang tiyagang mag-makeup, maliban na lang kung may okasyon o importanteng lakad.

That was why she thought she was never pretty enough. Malungkot na katotohanan pero natutunan na niyang ipagbalewala iyon sa pinakamainam na paraang kaya niya, lalo at aminado naman si Kaye na talagang wala siyang panama sa mga kaibigan.

Pagdating naman kay Marcus Andres... kumplikado kasi. Balita sa buong industriya na kabi-kabila ito kung makipagrelasyon. Ayaw niyang makabilang sa listahan ng na-wham-bam-thank-you-ma'am ng lalaki. Lalong ayaw niyang ma-trap sa ilusyon ng karamihan ng mga babaeng naniniwalang sila ang magiging 'The One' para magtino ang isang babaero.

Una, ang babaero ay babaero. Period. Ikalawa, kung balak nilang magbago, someone as ordinary as she would definitely not be 'The One' to bring Marcus to his knees.

“For the record, mahal kong BFF,” ikinawit ni Kaye ang bisig sa bisig ni Carla, “alam ko na maganda ako. Alam ko rin na sexy ako. Ang sinasabi ko lang, hindi ako supermodel. Di gaya n’ung mga madalas matsismis na ka-date niya.”

“Whatever you say,” anito pero alam niyang hindi pa rin ito kumbinsido sa dahilan niya. Inabutan na lang siya ng kaibigan ng ticket at souvenir program at marahang itinulak patungo sa pintuan ng tanghalan. “Pumasok ka na. Naka-reserve na ang seat mo.”

“Yey!” Humalik siya sa pisngi ni Carla. “Thanks, sis!”

“No biggie.” Kumindat ito. “Enjoy. Chika tayo later.”

Hindi naman pala matutuloy ang chikahang ipinag-anyaya nito. Tulad kasi ng nakagawian ni Kaye, pinauna niyang magsilabasan ang mga kasabay na manonood. Alam niya kasi na may meet and greet pa na nangyayari sa lobby at ayaw niyang makipagsiksikan.

Nang sa tantiya niya ay humupa na ang dagsa ng mga tao sa lobby, saka siya lumabas para hanapin ang mga kaibigan.

Mabilis niyang nakita ang mga ito pero umakyat din agad sa lalamunan ang kanyang puso nang masilayan niya kung sino ang nakita niyang kausap ng mga ito.

Si Marcus Andres.

Aatras pa muna sana siya pabalik ng teatro para hintaying makaalis mula sa tabi ng mga kaibigan si Marcus, kaya lang namataan na siya ng mga kabarkada.

“Kaye!” Kumaway sa kanya si Emma.

“Hello!” Nakangiti, pero bantulot siyang lumapit dito.

“Hindi kita nakita pagdating mo kanina.” Bumeso pa ito matapos siyang yapusin.

“Eh, kasi late ka.” Tinaasan niya ito ng kilay.

“Ay, eh, hindi na siya si Emma kung hindi siya late,” sabad ni Pia, Theater Operations Director, na nakibeso rin sa kanya.

“After all these years, di pa din naka-get over sa pagiging late,” napailing na lang siya.

“Hi, Kaye.”

Natigilan siya dahil sa pagbati ni Marcus pero sandali lang. Mukhang tanga naman kasing manigas lang siya sa kinatatayuan. Mabuti na lang, mabilis din siyang naka-recover.

“Hey, Marcus.” Inilahad niya ang kamay na tinanggap nito para marahan siyang hilahin palapit. “Ang galing mo, as usual. Congratulations!”

“Thanks.” Hinalikan siya nito sa pisngi na mabuti na lang at hindi niya ikinahimatay. “Mabuti nakarating ka.”

Nagkibit-balikat siya. “Support para sa friends,” tukoy niya sa mga kababaihang naroon.

At iisa-isahin na niyang babatuhin ang mga kabarkada dahil sa sabay-sabay na pasimpleng umikot ang mga mata ng mga ito.

“Yes! Naks,” nakangiting balik ng binata na may kakambal pang thumbs up at kindat para sa kanya.

“Pero siyempre, gusto ko din talaga itong panoorin.” Itinaas pa niya ang hawak na souvenir program para tukuyin ang kapapanood lang na pagtatanghal.

“Sus! I’m sure kung nagkataong hindi si Marcus ang bida diyan, di ka manonood.” Siniko siya sa tagiliran ng bruhildang si Mayen.

Talaga naman!

“For the record,” inakbayan niya ito at lihim na piningot sa tainga, “I really wanted to watch kahit sino pa ang nasa cast. I’ve been looking forward to this kaya.”

Everyone snorted, o baka naman ilusyon lang ni Kaye na may narinig siya dahil guilty siya. Totoo namang si Marcus lang ang dahilan bakit siya nagpumilit lumuwas ng Maynila para manood. At sige na nga, nami-miss na niyang talaga ang mga kaibigan at pamilya.

“Uy, sandali lang, ha? Magbibihis lang ako,” paalam ng binatang aktor sa kanila at ipinagpasalamat niyang medyo dense ito sa tuksuhang naganap. Pagkatapos ay humarap ito sa kanya. “Sasama ka naman, di ba?”

“Ha?” Gulat niyang nilingon ang mga kaibigan.

“May dinner eklavu tayo, di ba?” Nakipagpaligsahan sa bilog na buwan ang laki ng mulagat ng mga mata ni Mayen. “Hindi ba nagki-crave ka ng Japanese food?”

Oo nga, may craving si Kaye pero noong isang linggo pa iyon. At tulad ng marami pang ibang pagkakataon, ngayon niya lang nalaman ang tungkol sa dinner plans; hindi na lang niya ipinahalata.

“Sure kayo na okay lang sumama ako, ha?” Muli silang nilingon ni Marcus para maglinaw. “Baka istorbo lang ako sa inyo.”

“Hindi, uy,” paniguro rito ni Carla. “You’re very welcome to join. Go na, we’ll wait for you.”

“Sige, sandali lang ako.” Minsan pa itong ngumiti sa kanila, sa kanya, at saka tuluyang tumalikod.

Noon nakuhang harapin ni Kaye ang kanyang mga sisters from different mothers na sumige sa kani-kanilang pasimpleng tago ng mga pilyang ngiti.

“Sinu-sino pa tayo sa dinner na ito?” Pinili niyang huwag nang pansinin ang kakulitan ng mga ito.

“Well, sasama daw ang boyfriend ko, sina Kuya Edric, si Cris, si Tito Tony at sina Nina, pero di pa sure’yung mga girls,” imporma ni Pia.

“Bakit may feeling ako na mauuwing kami lang dalawa ang magkasama later?” Naniningkit na inisa-isa niyang titigan ang mga babae.

“Praning ka.” Dinutdot pa siya ni Emma sa balikat.

“Ako, praning?” Iginala niya ang tingin sa mga ito. “Sanay na ako sa mga scheming brains n’yo, ano!”

“Scheming brains?” Carla looked appalled. “Us?”

“Yes, kayo!” Dinuro niya ang mga ito.

“Ansakit mo naman magsalita.” Eksaheradang nagpanggap na naiiyak naman si Pia.

“Ewan ko sa inyo.” Namimilog ang mga matang tinalikuran niya ang mga ito.

“Hoy!” habol sa kanya ni Emma. “Saan ka punta?”

“Magsi-CR lang.” Hinaltak niya ang kamay nito. “Samahan mo na lang nga ako.”

“Sige.” Nilingon nito ang kanilang barkada. “CR lang kami, guys.”

“Ayan, at least alam na ng buong staff natin at ng *Teatrillo* kung saan tayo pupunta,” ani Kaye.

Humagigik lang ito bilang tugon.

Ipinagpasalamat niyang walang tao sa restroom nang abutan nila.

“Huy, in fairness, ha, hinanap ka ni Kuya kanina,” bungad agad ng kasama nang maisara nila ang pinto.

“Echosera ka.” Umangat ang nguso niya.

“Promise!” Itinaas pa nito ang kanang palad na hindi na niya pinansin sa paghahanap niya ng malinis na cubicle. “Sabi niya talaga paglapit niya, ‘Si Kaye ba hindi luluwas para manood?’”

Nilingon niya ito. Kumukurap-kurap ang mga mata ni Emma at abot-tainga ang ngiti. Ayaw niya lang pagbigyan ang sarili but something in that smile made her want to

believe the truth in what she heard.

“*Ambot nimu ui,*” iling lang ni Kaya bago isara ang pinasukang cubicle.

Either dense ang kaibigan niya o talagang wala itong pakialam na ayaw niyang ipagpatuloy ang usapan, sumige pa rin ito ng kadadaldal.

“Tapos n’ung sinabi namin na nandoon ka sa loob, aba! Nag-sparkle ’yung eyes niya ta’s sabi niya, ‘Sana nagustuhan ni Kaye ’yung show.’”

Nag-flush siya ng toilet bilang tugon.

“Matanong ko nga, ha.” Inilagay niya ang dalawang kamay sa magkabilang gilid ng balakang habang nakatayo siya sa gitna ng nakabukas na pintuan ng cubicle. “Bakit ba parang all-out kayo bigla sa pagtutulak na maging close kami ni Kuya?”

“Kasi bagay kayo,” simpleng tugon ng kaibigan.

“At naisip n’yo iyan kailan?”

“Noon pa. Kaya lang di kami makapag-play na matchmakers kasi, hello? Parati tayong toxic sa trabaho. Then, before we knew it, you were leaving us na at nawalan na ng chance na ipares kayo so ’ayun. Nabitin.”

She snorted. “Bagay kami tulad ng masarap din i-partner ang binagoongan sa ube ice cream.”

“But you like him,” giit ni Emma. “And I really really think he likes you.”

“People like pets, too, di ba?”

“Kaye, ano ba!” Iritableng pumalatak ito. “Okay, fine, wala nang hihirit. Can we just enjoy tonight, please? Can we at least do that? Masarap naman magkuwentuhan lang, di ba? Kuwentuhan mo kami ng bago at mas quiet mong life sa Dumaguete.”

Pinagpag ni Kaye ang mga kamay para bahagyang

matuyo ang mga iyon. Saka niya tinitigan ang kaibigan mula sa salamin. Emma looked hurt by her comments and she felt compelled to soothe her friend.

“Ems, wala namang malaking kaso na tuksu-tuksuhin n’yo ako, di ba? Kaya lang, una, nakakahiya kay Marcus. Baka mahalata niya or worse, may ma-overhear siya. What if ikaw lang ang may ideya na gusto niya rin pala ako, di ba? Pangalawa, ayokong umasa. Alam mo naman ang heart ko, mahilig mag-imbento ng mga scenario. Ayokong mag-ilusyon. Gets?”


Inaasahan na niyang kokontra hin na naman ng babae ang sinabi niya sa tagal nitong nanahimik habang nakatitig sa kanya pero hindi gayon ang binigkas nito.

“Parang maputla ang lips mo,” obserba ni Emma. “Wait, ’antay mo ako diyan. Kukunin ko lang kikay kit ko. Me-make-up-an kita.”

Naiwan siyang nakanganga sa kanyang kinatatayuan.

Minsan parang ewan talaga itong kaibigan niyang ito. But for the time being, ipinagpasalamat niyang may topak ang dalaga. Nauumay na siya sa usaping may posibilidad na maging sila ni Marcus.





CHAPTER 2

Ang natatandaan ni Marcus, napag-usapan na marami silang magkakasama sa dinner-lakwatsang iyon pero sa di-maipaliwanag na dahilan, natagpuan niya ang sarili na nag-iisang lalaki sa grupo ng apat na babae.

Sanay siyang makisama sa kababaihan, kaya lang pakiramdam niya nang mga oras na iyon, nanghihimasok siya sa panahong dapat ay nakalaan lang sa malalapit na magkakaibigan.

Pero para naman kay Kaye ang dinner get-together. Ano ba naman ang ilang oras na mag-astang bodyguard ng mga ito lalo at bihira na nilang nakakasama ang dalaga? Isa pa, ilang beses na din namang inulit sa kanya ng mga naroon na walang kaso ang pagsama niya sa mga ito.

He appreciated, and was happy about, being invited.

“Kumusta ang buhay sa probinsya?” Pagkatapos mag-order, ibinaling ni Marcus ang atensyon sa katabi.

“Masaya,” nakangiting imporma ni Kaye. “Simple. Relaxed. Ang layo sa fast-paced life ng Maynila.”

“I’m sure,” tango niya. “Plus fresh air, cool breeze. At

saka masarap ang pagkain, I bet.”

“Ay, grabe!” Lumawak ang ngiti ng kausap. “S’abi ko nga, hindi uso doon ang hindi masarap. There’s only ‘mas masarap’ and ‘pinakamasarap.’ And you won’t believe how cheap they come. Puwedeng piyesta every meal nang hindi ka mamumulubi.”

“Nakakainggit ka.” He loved food. And he loved the idea of fresh air and cool breeze.

“Kapag nagkaroon ka ng chance to visit, let me know. I’ll show you around,” paanyaya nito.

Natuwa siya sa imbitasyong iyon. Walang ibang malalim na dahilan. Marahil dahil matagal na niyang gustong mamasyal sa labas ng Maynila na ang pangunahing dahilan ay bumisita sa kakilala. O kaibigan.

“I’ll take you up on that, ha?” Kinuha ni Marcus ang baso ng inumin at lumagok ng malamig na tubig mula roon.

“Oo naman,” ayon nito.

“Alam mo bang hindi ko alam na nag-resign ka?”

That was one thought he’d wanted to bring up. Hindi niya kasi talaga inaasahan iyon. Huli silang nagkita ni Kaye mahigit lang sa isang taon ang nakaraan nang ganapin ang cast party ng isang pagtatanghal kung saan kabilang siya sa mga artista.

Ito man ang nabakuran niyang kakuwentuhan buong gabi, wala itong nabanggit tungkol sa pagre-resign, lalo ang pagre-relocate nito.

Siyempre, na-realize din niya na hindi siya kung sinong importanteng Poncio Pilato na kailangan nitong pagpaalaman ng mga plano nito sa buhay. But he had thought they had been able to build something more than an amiable working relationship. Akala ni Marcus,

magkaibigan sila. Tuloy, nagtaka na lang siya nang sa sumunod na nagkaroon siya ng proyekto sa kompanyang iyon walang tatlong buwan matapos ang party, nakalipat na raw ng Dumaguete ang dalaga.

“Hindi mo pala alam?” Gulat itong bumaling.

Tumango siya. “Nagulat na lang ako nang sabihin ng mga taga-*Teatrillo* na nasa province ka na.”

Kumunot nang bahagya ang noo ni Kaye. “I would have thought common knowledge na paalis na ako kasi panay ang pahaging ng mga tao na may aampon na sa kanila kung maisipan nilang pumasyal ng Dumaguete.”

“Ewan ko,” kibit niya. “Siguro nagkakataon lang din na kapag napapag-usapan, wala ako sa paligid. O baka naman mahina lang talaga ako sa tsismis.”

She laughed—a sweet, happy little sound that he had always found heartwarming to hear.

“Kailangan mo sigurong mag-practice kung paano mag-eavesdrop o mag-decipher ng codes,” malawak ang ngiting mungkahi ni Kaye.

“Palagay ko nga,” sang-ayon ni Marcus. “Pero natatandaan ko na nag-uusap kayo tungkol sa pagpapacargo ng mga kagamitan. Was that it?”

“Yep!” tango ng dalaga. “Siguro inisip mo na cargo para sa touring production, ano?”

“Yun na nga,” amin niya na ikinatawa lang nito.

Natigil panandalian ang pagkukuwentuhan nila nang ihatid sa kanila ang pagkain. Palibhasa pareparehong gutom, lahat sila ay napatutok lang muna sa mga putaheng kaharap. Kinuha rin naman niya ang pagkakataong iyon para hayaang makakuwentuan ni Kaye ang mga kaibigan. Until that moment, he had not realized he was monopolizing her.

Habang nalilibang ito sa pakikipagpalitan ng kuwento sa mga kababaihan, sinamantala niya ang mga sandali para pag-aralan ang dalaga. He tried to remember how she was the first time he saw her, got to know her, and how, as the months and years passed, he thought her presence made him happy in a quiet sort of way.

Unang beses pa lang niya itong nakasalubong sa gusali ng *Teatrillo Plata* ay nakuha na ni Kaye ang pansin niya. Paano namang hindi? Naroon siya noon para sa isang meeting. Dumating ito. Siyempre, bilang pagkilala niya rito na empleyado roon habang siya ay bisita, nginitian niya ang dalaga.

Aba, mabuti pa sanang naging hangin na lang siya dahil nilagpasan lang siya nito, na pati sarili niya tuloy inakalang hindi siya nag-e-exist.

Maraming beses pang nasundan ang pagtatagpong iyon pero wala ring nagbago. Iniirapan lang siya ni Kaye. Not that he was expecting her to be friendly with him, lalo at alam niyang likas sa ilan na mangilag sa mga hindi kakilala. Pero kaunting acknowledgment lang ba. O baka nga nag-e-expect siya dahil...

Well, hambog na kung hambog pero nagsasabi si Marcus ng pawang katotohanan lang. Sanay siyang sinusundan ng tingin. Tahasan siyang tinititigan, minsan may kahalong kahalayan pa kapag nililingon siya ng mga babae.

Paano namang hindi? Alam niya ang assets niya. Alam niyang guwapo siya dala ng dugong Kastilang nananalaytay sa ugat ng kanilang pamilya.

Anyway, hayaan na. Siguro nga nakatagpo siya sa dalaga ng katapat. At kahit patuloy ito sa pandededma sa kanya, natatagpuan niya pa rin ang sariling hinahanap

ito tuwing napaparoon siya kahit pa hindi niya balak kausapin. Wala lang. Gusto niya lang nakikita si Kaye. Naririnig. Nasasamyo.

Maaari siyang matukoy na weird ng mga kakilala niya. Sa totoo lang, hindi naman kagandahan si Kaye para abangan o pagnasahan kung pagbabasehan ang qualifications ng 'magandang babae' na idinidikta ng society at advertising. May kaiba lang itong appeal na hinahanap-hanap ni Marcus at ikinagagaang ng loob niya ang presensya nito. Lalo na kapag ngumingiti ito at lumalabas ang malalim na dimple nito sa kaliwang pisngi.

Buwan na ang binilang mula nang unang pagtatagpo ng mga mata nila nang nakatanggap siya ng tawag mula rito. Sa gulat niya, muntik pa niyang mabitawan ang telepono. Anito, may isang promotional television appearance itong in-arrange para sa bagong production ng kompanya. Isa siya sa mga aktor ng stage play na iyon at nakasaad sa kontrata niyang obligado siyang sumama sa ganoong mga promotional activities.

Noon napatunayan ni Marcus na hindi naman pala snob si Kaye tulad ng gusto nitong iparating. Sa totoo lang, ito ang classic na tinatawag na kalog. Walang arte sa katawan maliban lang sa allergic ito sa alikabok, sa usok, sa pabagu-bagong panahon at sa mga hindi marunong mag-Ingles nang tama.

Habang tumatagal na nagiging mas pamilyar sila sa isa't isa, napagtanto niya na kung sakali, kung ipag-aadya ng pagkakataon, she was someone he would like to have as a close friend. A really really close friend.

Akala ng binata makakamit niya ang inaasam na iyon sa huling proyektong nagkatrabaho silang dalawa. Sa tantya niya, noon sila totohanang naging malapit sa

isa't isa, sapat para umasa siyang may patutunguhan ang pagkakaibigan nila sa kabila ng paminsan-minsang iringan na natural lang sa uri ng kanilang trabaho.

Pero hindi yata talaga para kay Marcus ang gusto niya para sa kanilang dalawa. Sumunod na lang niyang nalaman, nag-relocate na ito.

Tama si Kaye. Dapat matuto siyang mag-fine tune sa mga pangyayari sa paligid niya.

“Hanggang kailan ka dito?” Minsan pa ay nakisali siya sa usapan.

Itinaas nito ang kamay at kumurap-kurap habang mabilis na nginunguya ang slice ng sushi na isinubo nito.

“Sorry. Sige lang, no rush,” natatawa niyang sabi dahil baka naman mabilaukan ito kapag nilunok nang hindi nanguya nang mabuti ang pagkain.

“Uuwi na ako bukas.”

Siya naman ang napakurap. “Agad?”

“Hay naku, Marcus.” Umikot ang mga mata ni Carla. “Magtatatlong linggo nang narito ’yan, alam mo ba?”

“Ha?” Nakamulagat siyang humarap ulit kay Kaye. “Bakit hindi ka nagparamdam?”

“Hala, sorry na.” Idinantay nito ang palad sa kanyang bisig at hindi niya maikakailang umabot sa kili-kili niya ang nadamang init mula roon. “Alam mo naman ako, tamad lumabas. Masyado na akong sanay sa traffic-less streets ng probinsya, nate-tense na ako sa tindi ng traffic dito pati sa mahal ng pamasaha.”

“Pero nagkikita kayo?” Iginala ni Marcus ang tingin sa mga kasama sa hapag.

“Oo, pero sa labas lagi ng *Teatrillo*,” kumpirma ni Mayen. “Weird ’yang si Kaye, eh. May drama pa kasing baka hindi na siya welcome sa office.”

“Gaga.” Inirapan ng nabanggit na dalaga ang kaibigan. “Hindi kaya.”

“Wooshoo!” Nanulis ang nguso ni Carla. “Sinabi mo kaya ’yun n’ung minsang inaya kitang tumambay muna sa office bago tayo lumabas.”

“Tseh!” Pinaningkitan nito ang kaibigan. “Ayoko lang makaabala, ’no!”

“Balita ko nga, may ganoon ka daw na drama,” dagdag ni Marcus sa panunudyo. Siyempre wala naman sa kanya kung anuman ang dahilan nito. Gusto niya lang makisali sa pang-aasar dahil...

“Ano ba!”

There it was. Ang charming na pamumula ng mga pisngi ni Kaye at ang matining na inflection ng boses nito dala ng hiya at inis. She looked totally adorable.

“Hindi na po,” parang batang nilambing niya ito.

“Uuy, tsumatsansing.” Binato siya ni Emma ng naka-rolyong tissue.

Nakadantay ang bisig niya sa balikat ni Kaye at nakadikit pa ang pisngi niya sa gilid ng ulo nito. Kaysa tumanggi na magbubunga lang ng pagkailang sa sitwasyon, pinatulan na ni Marcus ang tuksuhan.

“Minsan lang naman.”

“Nakow! ’Wag mong masyadong lapitan ’yan.” Itinuro ito ni Mayen. “Nangangagat ’yan! Buti kung may bakuna ’yan ng anti-rabies.”

“Halika, kakagatin kita,” baling ni Kaye sa nagsalita.

Isinara ni Marcus ang bibig bago pa niya masabing okay lang kung siya ang kakagatin nito. At gusto rin niyang tuktukan ang sarili dahil naisip niya iyon. What the hell?

“So ano nga, bukas na talaga ang balik mo ng

Dumaguete?” Ibinalik na lang niya ang usapan sa napipintong pagbiyahe ng dalaga.

“Yeah, morning flight sa *PAL*,” tango nito. “I need to be at the airport by six or six thirty.”

“Kailan naman ang balik mo dito?”

“Baka sa Christmas na.”

Shit. Ang tagal pa noon.

“Tagal,” irap ni Carla na eksakto sa naisip niya.

“Ano ba,” ingos ni Kaye. “Mahirap ngang magpabalik-balik. Mahal ang pamasaha.”

“Paano ka pupunta ng airport?” tanong niya.

“Tatawag ng taxi,” kubit nito.

“So ibig sabihin n’un, mga five a.m. ka lalabas?”

Parang gustong kumunot ng noo niya roon.

“Yeah,” minsan pa itong nagkubit, “sanay na ako.”

Lumunok si Marcus. Naiintindihan naman niya kung gaano ka-independent ang mga babaeng kasama niya nang gabing iyon. Alam niyang lumalarga ang mga ito nang mag-isa keshodang malapit o malayo ang pupuntahan. But there was an overwhelming feeling of protectiveness that surged in him for Kaye.

Maybe he could offer to bring her to the airport. Or not. Masyado din naman kasing maaga. Galing siya sa puyatan at mahihirapan siyang magising. And she might not appreciate his offer.

“Hatid mo na lang kaya siya?” Humirit si Emma.

“Hindi ba halos magkapitbahay naman kayo?”

Totoo iyon. Tatlong baranggay lang ang pagitan ng kani-kanilang mga bahay.

“Ay, ’wag na,” tanggi ni Kaye at naisip niyang baka ayaw siya nitong kasama hanggang dugtungan nito ang sinabi. “Nakakahiya namang mang-istorbo.”

“Okay lang naman,” narinig niyang sumagot ang sarili at hindi alam ni Marcus kung siya o ang dalaga ang mas nagulat. Pero gusto pa talaga sana niya ng dagdag na panahong makasama ito kahit pa mauwing hindi na lang siya matulog para siguradong gising siya nang alas cinco. “Wala akong gagawin bukas. I don’t mind bringing you.”

“There you go!” Masayang pumalakpak si Carla.

“But...” Susubukan pa sana nitong magprotesta pero sumabad na siya bago pa niya ito pagbigyan.

“It’s okay, ihahatid na lang kita,” pag-assure niya. “Pero ililibre mo ako ng breakfast.”

“Breakfast lang pala katapat mo,” tudyo ni Mayen.

“Cheap naman ako, eh.” Sinulyapan niya ito patagilid. “Jollibee or McDonald’s lang, okay na.”

“Tsk,” palatak ni Kaye kasabay ng marahang pag-iling. “May *Pancake House* o kaya *Kopi Roti* pa naman sa *Terminal 3*, balak ko sanang doon kita ilibre kaso wala.”

“Ayaaaan!” Nagsabay-sabay ng tawanan ang mga naroon. “Epal ka kasi!”

“Fine.” Tumatawa na rin siyang nagtaas ng dalawang kamay. “Ikaw na bahala. Ikaw naman ang manlilibre.”

Actually, kahit sa roadside tindera lang siya nito bilhan ng pandesal at 3-in-1 na kape, happiness na. Basta magkasama sila.

Kaso hindi naman pala iyon matutuloy.

